Ika-4

# Panukala para sa Pagtataguyod ng Sama-samang Pamumuhay ng Iba't Ibang Kultura sa Aichi

2023 – 2027

Buod na Bersyon



愛知県

## Layunin ng Pagbabalangkas ng Panukala

Tinatayang darami pa rin sa hinaharap ang mga dayuhang residente ng prefecture dahil sa mga reporma ng sistema tulad ng pagtatatag ng pahintulot para sa paninirahang "Specified Skilled Worker," at sa lipunan kung saan sumusulong ang pagbaba ng populasyon/pagbaba ng birthrate at pagtanda ng populasyon, inaasahang mamuno sa pagsuporta ng komunidad ang mga dayuhang residente ng prefecture. Upang matugunan ang ganitong pagbabago ng lipunan, at maplano ang higit pang pagtataguyod ng mga hakbangin para sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura, ibinalangkas ang ika-4 na panukala para sa pagtataguyod ng sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura sa Aichi.

## Katayuan

Ang panukalang ito ay indibidwal na panukalang nagpapalinaw ng pamamaraan at kaisipan tungkol sa mga hakbangin para sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura ng prefecture na ito, ayon sa direksyon ng polisiya ng "Aichi Vision 2030" na ibinalangkas noong Nobyembre 2020 ng Aichi Prefecture.


## Panahon ng Panukala

Limang taon mula sa piskal na taong 2023 hanggang sa piskal na taong 2027 ang panahon ng panukalang ito.

## Transisyon sa Bilang ng mga Dayuhang Residente ng Prefecture

Sa impormasyon noong katapusan ng Disyembre 2021, kasunod sa Kalakhang Tokyo, pangalawa sa buong bansa ang bilang ng mga dayuhang residente ng prefecture na ito na 265,199 katao, at mga 3.5% ang proporsyong saklaw sa buong populasyon ng prefecture. Ayon sa nasyonalidad, patuloy na pinakamarami ang Brazil sa 59,300 katao, ngunit nitong mga nakaraang taon, dumarami ang proporsyon ng mga mula sa Asya tulad ng Vietnam, Pilipinas, at iba pa.

<Transisyon sa Bilang ng mga Dayuhang Residente ng Prefecture (Aichi Prefecture)>




Pinagmulan: Ministry of Justice "Foreign resident statistics" Impormasyon noong katapusan ng Disyembre ng bawat taon,
Aichi Prefecture "Populasyon ng Aichi" Impormasyon noong unang araw ng Enero ng bawat taon

# Nilalaman ng Panukala

## 《Pangunahing Pakay》

### Paglikha ng Mayaman at Masiglang Pamayanan mula sa Paghubog ng Lipunan ng Sama-samang Pamumuhay ng Iba't Ibang Kultura

Sa pamamagitan ng pagtataguyod ng paghubog ng lipunan ng sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura, igagalang ang karapatang pantao ng lahat ng mga residente ng prefecture, sa kabila ng pagkakaiba sa nasyonalidad, lahi, at iba pa, at maisusulong ang paglikha ng kapaligiran kung saan maaaring lumahok nang kusa at maging aktibo sa iba't ibang aktibidad ng komunidad ang bawat isa sa mga residente ng prefecture bilang namumuno sa komunidad, habang sapat na naitatanghal ang kakayahan ng indibidwal. At maaasahan ang pagiging aktibo ng maraming mahusay na yamang tao sa malawak na larangan, at mapagmumulan ng sigla ng pamayanan ang pagsisikap sa pamamalagi nila sa pamayanan.

*Pakahulugan ng Lipunan ng Sama-samang Pamumuhay ng Iba't Ibang Kultura sa Panukalang Ito
Komunidad kung saan nauunawaan ng lahat ng residente ng prefecture ang pangkulturang karanasan, pag-iisip at iba pa ng isa't isa, namumuhay nang panatag ang loob at maaaring aktibong lumahok sa kabila ng pagkakaiba sa nasyonalidad, lahi, at iba pa

## 《Sistema ng mga Hakbangin》

Upang maabot ang pangunahing pakay, gagawing haligi ang sumusunod na apat na sistema ng mga hakbangin sa pagpapalawak ng mga hakbangin ng pagtataguyod sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura.

### Ⅰ Suporta sa Komunikasyon

Itataguyod ang edukasyon sa wikang Hapon, upang malampasan ang hadlang sa wika, makapamuhay nang ligtas/panatag ang loob, at magkakasamang maging aktibo ang lahat. Itataguyod din ang pagtugon sa iba't ibang wika kabilang ang madaling wikang Hapon, upang makatamo ng kinakailangang impormasyon ang mga dayuhang residente ng prefecture.

### Ⅱ Suporta sa Pamumuhay

Magsisikap sa pagsasaganap ng suportang sasaklaw sa kabuuan ng pamumuhay, tulad ng pagtatatag ng sistema ng konsultasyon, patuloy na suportang tumutugon sa siklo ng buhay atbp. Magtatatag din ng sistemang tutugon sa mga peligro sa pamumuhay, tulad ng pag-iwas sa sakuna, paggamot atbp.

### Ⅲ Pag-angat ng Kamalayan at Suporta sa Panlipunang Pakikilahok

Magsisikap sa pagsasaganap ng edukasyon, mga aktibidad sa pagpapaunawa, pagtatatag ng sistema ng konsultasyon atbp., upang maunawaan ng mga dayuhang residente at mga Hapones na residente ng prefecture ang pangkulturang karanasan, kaugalian sa pamumuhay ng isa't isa, at mapawi ang masamang pagpapalagay at diskriminasyon. Magtatatag din ng kapaligiran kung saan kusang makakalahok ang mga dayuhang residente ng prefecture bilang miyembro ng komunidad.

### Ⅳ Pagtataguyod ng Pagpapasigla ng Pamayanan at Pagtugon sa Globalisasyon

Pakikinabangan ang pananaw at pagkakaiba-iba ng mga dayuhang residente ng prefecture upang makipagkoordina/magtulungan ang mga dayuhang residente at mga Hapones na residente ng prefecture para sa pagsulong ng pagpapasigla ng pamayanan at globalisasyon.

# 《Sistema ng mga Hakbangin》

| Pangunahing Item | Sekundaryong Item | Tersiyaryong Item |
|---|---|---|
| Ⅰ Suporta sa Komunikasyon | 1. Pagtataguyod ng Edukasyon sa Wikang Hapon | **◎① Pagtatatag ng sistema ng pagtataguyod sa edukasyon sa wikang Hapon sa pamayanan na pamumunuan ng pamahalaan** |
| | | **◎② Paglinang ng yamang taong mamumuno sa edukasyon sa wikang Hapon sa pamayanan** |
| | | ③ Pagtataguyod ng edukasyon sa wikang Hapon na tumutugon sa siklo ng buhay<br>・Pagtulak ng pagtatayo ng salon ng iba't ibang kultura para sa pagpapalaki ng anak (yugto ng pagkasanggol)<br>・Pagtataguyod ng edukasyon sa sariling wika (yugto ng pagkasanggol)<br>・Tulong mula sa Pondong Pansuporta sa Pag-aaral ng Wikang Hapon (yugto ng pagkabata)<br>・Pagtulak ng panimulang edukasyon sa wikang Hapon (yugto ng pagbibinata/pagdadalaga, yugto ng pagiging tigulang (*adult*) atbp.)<br>・Pagdaraos ng speech contest sa wikang Hapon sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura (para sa lahat ng edad) atbp. |
| | | ④ Pagsasaganap ng edukasyon sa wikang Hapon sa edukasyon sa paaralan |
| | | ⑤ Pagtataguyod ng paggamit ng ICT sa edukasyon sa wikang Hapon |
| | 2. Pagsasalin sa Iba't Ibang Wika ng Impormasyon ng Administrasyon/sa Pamumuhay | **◎① Pagtataguyod ng pagtugon sa iba't ibang wika gamit ang ICT** |
| | | ② Pagpapalaganap ng madaling wikang Hapon |
| Ⅱ Suporta sa Pamumuhay | 1. Pagtatatag ng Sistema ng Konsultasyon | ① Pagsasaganap ng sistema ng suporta para sa konsultasyon sa iba't ibang wika |
| | | ② Pagtatatag ng sistema ng konsultasyon gamit ang ICT |
| | 2. Pagsasaganap ng Suporta sa Pamumuhay | **◎① Pagsasaganap ng suporta sa pamumuhay ayon sa siklo ng buhay**<br>・Suporta sa mga bata/tahanang nagpapalaki ng anak (yugto ng pagkasanggol, yugto ng pagkabata atbp.)<br>・Pagsisiguro ng pagkakataon para sa edukasyon (yugto ng pagkabata, yugto ng pagbibinata/pagdadalaga atbp.)<br>・Pagtulak ng edukasyon para sa karera (yugto ng pagkabata, yugto ng pagbibinata/pagdadalaga atbp.)<br>・Pagtatatag ng kapaligiran sa tirahan (yugto ng pagiging tigulang (*adult*) atbp.)<br>・Suporta sa larangan ng kalusugan/welfare/long-term care (yugto ng pagtanda atbp.) |
| | | **◎② Suporta para sa maagang pag-angkop sa pamumuhay sa Japan** |
| | | **◎③ Pagtatatag ng kapaligiran sa paggawa** |
| | 3. Pagtataguyod ng mga Hakbang para sa Pag-iwas sa Sakuna/Pagpigil sa Krimen/Kaligtasan sa Trapiko | **◎① Pagtatatag ng sistema ng "Sentro ng Suporta sa Iba't Ibang Wika para sa Sakuna ng Aichi Prefecture"** |
| | | **◎② Pagpapahusay ng edukasyon sa pag-iwas sa sakuna/pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna** |
| | | ③ Pagtataguyod ng edukasyon sa pagpigil sa krimen/kaligtasan sa trapiko |
| | 4. Pagtulak sa Pagtugon sa Iba't Ibang Wika kaugnay sa Paggamot | **◎① Pagsasaganap/pagtulak ng pagpapalaganap ng "Sistema ng pasalitang pagsasaling medikal ng Aichi"** |
| | | ② Pagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang wika kaugnay sa paggamot |
| | | ③ Pagbibigay ng impormasyon at pagtugon sa konsultasyon sa iba't ibang wika kaugnay sa mga nakahahawang sakit |
| Ⅲ Pag-angat ng Kamalayan at Suporta sa Panlipunang Pakikilahok | 1. Paglikha ng Kamalayan ng Buong Prefecture | **◎① Pagbibigay ng pagkakataon para iplano ang pagtulak sa pag-unawa sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura** |
| | | ② Paglikha ng lipunang gumagalang sa pagkakaiba-iba |
| | 2. Pagtulak ng Paghahalubilo sa Pamayanan | **◎① Pagtulak sa paghahalubilo/pag-uunawaan sa pamayanan** |
| | | ② Pagtulak sa pakikilahok sa pamayanan ng mga dayuhang residente ng prefecture |
| Ⅳ Pagtataguyod ng Pagpapasigla ng Pamayanan at Pagtugon sa Globalisasyon | 1. Pagtataguyod ng Pagpapasigla ng Pamayanan/Pagtugon sa Globalisasyon sa pamamagitan ng Koordinasyon/Pakikipag-tulungan sa mga Dayuhang Residente ng Prefecture | ① Pagtataguyod ng pagpapasigla ng pamayanan sa pamamagitan ng koordinasyon/pakikipagtulungan sa mga dayuhang residente ng prefecture |
| | | ② Pagtulak sa pagiging aktibo ng pandaigdig na yamang tao |
| | | **◎③ Pagtulak sa pagiging aktibo ng mga dayuhang estudyante** |

◎: Item na kaugnay sa direksyon ng pagtutuunang inisyatiba


# Ilustrasyon ng Siklo ng Buhay

Ipinapakita sa ilustrasyong ito ang mga pangunahing hakbangin kaugnay sa pangunahing item na "I Suporta sa Komunikasyon" at "II Suporta sa Pamumuhay" sa sistema ng mga hakbangin, ayon sa siklo ng buhay.


**Yugto ng Buhay**



**Yugto ng Pagkasanggol** – Hanggang mga 5 anyos



**Yugto ng Pagkabata** – Mga 6 - 14 anyos



**Yugto ng Pagbibinata /Pagdadalaga** – Mga 15 - early 20s



**Yugto ng Pagiging Tigulang (*Adult*)** – Mga late 20s - 64 anyos



**Yugto ng Pagtanda** – Mga 65 anyos pataas

## I Suporta sa Komunikasyon

### [Pagtataguyod ng Edukasyon sa Wikang Hapon ayon sa Siklo ng Buhay]

- O Pagtulak ng pagtatayo ng salon ng iba't ibang kultura para sa pagpapalaki ng anak
- O Pagtataguyod ng edukasyon sa sariling wika
- O Pagsasagawa ng modelo ng klase ng panimulang wikang Hapon sa pamayanan
- O Pagtulak ng inisyatiba ng edukasyon sa wikang Hapon sa mga kumpanya
- O Pagdaraos ng speech contest sa wikang Hapon sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura
- O Tulong para sa klase ng wikang Hapon mula sa Pondong Pansuporta sa Pag-aaral ng Wikang Hapon



### [Pagsasaganap ng Edukasyon sa Wikang Hapon sa Edukasyon sa Paaralan]

- O Pagtatalaga ng mga gurong mamamahala sa klaseng naaangkop sa edukasyon sa wikang Hapon
- O Pagtatalaga/pagbisita sa bahay at pagtuturo ng tagapayo sa wika
- O Pagtulong sa pagpapatakbo ng klase ng panimulang pagtuturo ng wikang Hapon
- O Pagtatalaga ng tagasuporta sa edukasyon ng mga dayuhang estudyante at tagasuporta sa edukasyon sa wikang Hapon



### [Pagtulak ng Paggamit ng ICT sa Edukasyon sa Wikang Hapon]

- O Paglalaan ng portable na translation machine sa mga prefectural na paaralan
- O Pagdaraos ng online na klase ng panimulang wikang Hapon

### [Pagtatatag ng Sistema ng Pagtataguyod sa Edukasyon sa Wikang Hapon sa Pamayanan na Pamumunuan ng Pamahalaan]

- O Pagpapahusay ng pagpapahatid ng impormasyon ng Sentro ng Pagtataguyod ng Edukasyon sa Wikang Hapon sa Pamayanan ng Aichi
- O Pagbibigay ng payo sa pamamagitan ng pagpapadala ng coordinator
- O Suporta sa lungsod/bayan/baryo na nagsisikap sa edukasyon sa wikang Hapon sa pamayanan
- O Pagpapaunlad ng mga tool para sa pagtatasa ng kakayahan sa wikang Hapon

### [Paglinang ng Yamang Taong Mamumuno sa Edukasyon sa Wikang Hapon sa Pamayanan]

- O Pagsasanay at follow-up ng mga tagapagturo para sa panimulang edukasyon sa wikang Hapon
- O Training ng yamang taong maaaring magkoordina ng panimulang edukasyon sa wikang Hapon
- O Pagtulak sa pagtatalaga ng coordinator ng mga dayuhang residente ng prefecture sa edukasyon sa wikang Hapon sa pamayanan

Isasagawa batay sa "Pangunahing Pamamaraan kaugnay sa Pagtataguyod ng Edukasyon sa Wikang Hapon sa Pamayanan ng Aichi Prefecture"

### Pagsasalin sa iba't ibang wika ng impormasyon ng administrasyon/sa pamumuhay

## II Suporta sa Pamumuhay

### [Pagsasaganap ng Suporta sa Pamumuhay ayon sa Siklo ng Buhay]

**<Suporta sa mga Bata/Tahanang Nagpapalaki ng Anak>**

- O Pagtulak ng pagtatayo ng salon ng iba't ibang kultura para sa pagpapalaki ng anak
- O Pagbibigay ng impormasyon kaugnay sa pagbubuntis/panganganak/pagpapalaki ng anak
- O Pagpapagaan ng pasanin sa pampublikong medical insurance at bayarin sa day care
- O Pagsisiyasat sa pagtugon sa mga batang may kapansanan sa paglaki (developmental disability) o sa magulang/tagapag-alaga
- O Pagtulak sa paghubog ng network na susuporta sa mga batang dumaranas ng kahirapan
- O Suporta sa edukasyon sa tahanan ng mga batang mag-aaral na dumaranas ng problema tulad ng kayaang pumasok sa eskuwela atbp.
- O Suporta sa pag-aaral ng mga batang mula sa sambahayang nahihirapan sa pamumuhay atbp.
- O Suporta sa pagbubukas ng kapeterya para sa mga bata

**<Pagsisiguro ng Pagkakataon para sa Edukasyon>**


- O Pagpapalaganap ng preschool
- O Pagtugon sa mga hindi nakatala o hindi pumasok sa paaralan/batang mag-aaral na lampas sa edad ng pagpasok sa paaralan
- O Pagsasagawa ng pagsusuri sa paaralang pandayuhan
- O Inisyatiba tungo sa suporta para sa panggabing klase sa junior high school/pagtatayo ng pampublikong panggabing junior high school
- O Pagsasagawa ng pagpili ng makapapasok na dayuhang mag-aaral
- O Pagsasagawa ng cram school (juku) para sa kinabukasan ng mga kabataan/dayuhan
- O Pagpapagaan ng pasanin sa gastusing pang-edukasyon

**<Pagtulak ng Edukasyon para sa Karera>**

- O Pagbibigay ng impormasyon kaugnay sa sistema ng edukasyon at pagtuloy sa pag-aaral
- O Pagtatalaga ng tagapagpayo sa pagtatrabaho

**<Suporta sa Larangan ng Kalusugan/Welfare/Long-term Care>**

- O Suporta para sa pagpaplano ng pamumuhay
- O Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa sistema ng social insurance (pensyon/paggamot/long-term care)
- O Suporta para sa mga nahihirapan sa pamumuhay atbp.
- O Pagsisiyasat sa pagtugon sa pasalitang pagsasalin para sa long-term care
- O Suporta sa dayuhang yamang tao sa long-term care



**<Pagtatatag ng Kapaligiran sa Tirahan>**

- O Pagtataguyod ng pagrerehistro ng paupahang pabahay na tumatanggap ng pagtira ng dayuhan
- O Pagbibigay ng impormasyon/pagtatatag ng sistema ng konsultasyon kaugnay sa pabahay na pinangangasiwaan ng prefecture



### [Suporta para sa Maagang Pag-angkop sa Pamumuhay sa Japan]

- O Pagpapalaganap ng kurikulum at kagamitan sa pagtuturo ng training para sa maagang pag-angkop
- O Pagsasaganap ng impormasyon sa pamumuhay sa iba't ibang wika

### [Pagtatatag ng Kapaligiran sa Paggawa]

- O Pagpapalaganap ng karta para sa mga dayuhang manggagawa
- O Pagtugon sa konsultasyon para sa paggawa at pagtatrabaho
- O Pagbibigay ng impormasyon/pagtugon sa konsultasyon para sa pagtatayo ng negosyo
- O Pagsasagawa ng pagsasanay para sa hanapbuhay



### Pagtatatag ng sistema ng konsultasyon

### Pagtataguyod ng mga hakbang para sa pag-iwas sa sakuna/pagpigil sa krimen/kaligtasan sa trapiko

### Pagtulak sa pagtugon sa iba't ibang wika kaugnay sa paggamot

Magsisikap para sa anumang edad sa siklo ng buhay tungkol sa mga pangunahing item na "III Pag-angat ng Kamalayan at Suporta sa Panlipunang Pakikilahok" at "IV Pagtataguyod ng Pagpapasigla ng Pamayanan at Pagtugon sa Globalisasyon" sa sistema ng mga hakbangin.

## 《Direksyon ng Pagtutuunang Inisyatiba》

### ① Pagpapahusay ng sistemang aalalay sa pamumuhay na ligtas/panatag ang loob

- Pagtataguyod ng pagtugon sa iba't ibang wika gamit ang ICT (pagtataguyod ng pagbibigay ng impormasyon at pagtugon sa konsultasyon sa iba't ibang wika at iba pa)
- Pagsasaganap ng suporta sa pamumuhay ayon sa siklo ng buhay (suporta sa tahanang nagpapalaki ng anak, pagsisiguro ng pagkakataon para sa edukasyon, suporta sa larangan ng kalusugan/welfare/long-term care at iba pa)
- Pagtatatag ng sistema ng "Sentro ng Suporta sa Iba't Ibang Wika para sa Sakuna ng Aichi Prefecture" (pagpapahatid ng impormasyon sa iba't ibang wika sa oras ng sakuna at iba pa)
- Pagpapahusay ng edukasyon sa pag-iwas sa sakuna/pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna (pagpapalaganap at pagpapaunawa ng kaalaman sa pag-iwas sa sakuna sa iba't ibang wika at iba pa)
- Pagsasaganap/pagtulak ng pagpapalaganap ng "Sistema ng pasalitang pagsasaling medikal ng Aichi" (pagtulak sa pagsapi sa institusyong medikal at iba pa)

### ② Paglikha ng sustenableng sistema ng pagtataguyod ng edukasyon sa wikang Hapon sa pamayanan

- Pagtatatag ng sistema ng pagtataguyod sa edukasyon sa wikang Hapon sa pamayanan na pamumunuan ng pamahalaan (pagtulak ng inisyatibang pamumunuan ng lungsod/bayan/baryo at iba pa)
- Paglinang ng yamang taong mamumuno sa edukasyon sa wikang Hapon sa pamayanan (pagdaraos ng kurso ng training ng tagapagturo ng panimulang edukasyon sa wikang Hapon at iba pa)

### ③ Pagtulak sa pagiging aktibo ng mga dayuhang residente ng prefecture

- Suporta para sa maagang pag-angkop sa pamumuhay sa Japan (pagtulak ng pagsasagawa sa mga kumpanya atbp. ng training para sa maagang pag-angkop at iba pa)
- Pagtatatag ng kapaligiran sa paggawa (pagtugon sa konsultasyon/suporta kaugnay sa pagtatrabaho o pagtatayo ng negosyo at iba pa)
- Pagtulak sa pagiging aktibo ng mga dayuhang estudyante (pagtulak sa pagkuha ng trabaho sa kumpanya sa loob ng prefecture at iba pa)

### ④ Pagtulak sa pag-unawa sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura

- Pagbibigay ng pagkakataon para iplano ang pagtulak sa pag-unawa sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura (pagdaraos ng forum sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura at iba pa)
- Pagtulak sa paghahalubilo/pag-uunawaan sa pamayanan (pagsasagawa ng mga event atbp. at pagtutulungan sa pagpapaalam tungkol doon at iba pa)

## 《Performance Index》

| Pangunahing Item | Index | Kasalukuyang kalagayan | Target |
|---|---|---|---|
| I Suporta sa Komunikasyon | Bilang ng mga lungsod/bayan/baryo na nagsisikap sa panimulang edukasyon sa wikang Hapon | 8 lungsod/bayan/baryo | 20 lungsod/bayan/baryo |
| | Bilang ng mga nakatapos ng kurso ng training ng tagapagturo ng panimulang edukasyon sa wikang Hapon | 88 katao | 300 katao |
| | Bilang ng access sa portal site na sentral na nagpapahatid ng impormasyon ng administrasyon/sa pamumuhay sa iba't ibang wika | Hindi pa bukas | 1,300,000 sa isang taon |
| II Suporta sa Pamumuhay | Bilang ng mga pamayanang nagtayo ng salon ng iba't ibang kultura para sa pagpapalaki ng anak | 15 lugar | 25 lugar |
| | Bilang ng mga lungsod/bayan/baryo na nagsisikap sa pagtulak ng pag-unawa sa sistema ng social insurance (pensyon/paggamot/long-term care) para sa mga dayuhang residente ng prefecture | 41 lungsod/bayan/baryo | 54 lungsod/bayan/baryo |
| | Bilang ng mga lungsod/bayan/baryo na nagsisikap sa paghahanda sa pagtugon sa mga dayuhan sa evacuation area | 22 lungsod/bayan/baryo | 54 lungsod/bayan/baryo |
| | Bilang ng mga institusyong medikal na nakarehistro sa sistema ng pasalitang pagsasaling medikal | 157 institusyon | 200 institusyon |
| III Pag-angat ng Kamalayan at Suporta sa Panlipunang Pakikilahok | Porsyento ng mga residente ng prefecture na mabuti ang tingin sa pagiging marami ng mga dayuhang residente sa prefecture | 48% (*) | 60% |
| | Bilang ng mga event ng paghahalubilo sa pamayanan na ibinigay ang impormasyon sa portal site na sentral na nagpapahatid ng impormasyon ng administrasyon/sa pamumuhay sa iba't ibang wika | Hindi pa isinasagawa | 100 sa isang taon |
| IV Pagtataguyod ng Pagpapasigla ng Pamayanan at Pagtugon sa Globalisasyon | Bilang ng mga dayuhang estudyanteng nagpalit ng pahintulot para sa paninirahan sa layuning kumuha ng trabaho sa loob ng prefecture | 1,196 katao | 1,600 katao |

*Porsyento ng sagot sa alinman sa 3 item na "kanais-nais," mula sa 1,590 kataong sumagot tungkol sa "Kamalayan kaugnay sa pagiging marami ng mga dayuhang residente sa prefecture" sa ika-2 pagsusuri sa opinyon ng publiko ng pamahalaan ng prefecture sa piskal na taong 2021.



Disyembre 2022
Seksyon ng Lipunan ng Iba't Ibang Kultura, Dibisyon ng Pagtataguyod sa Gawaing Panlipunan,
Departamento ng Ugnayang Pampamayanan, Kawanihan ng Ugnayang Pampamayanan at Pangkultura,
Pamahalaan ng Aichi Prefecture, 3-1-2 Sannomaru, Naka-ku, Nagoya-shi ZIP 460-8501
Telepono: 052-954-6138 (direktang linya)　FAX: 052-971-8736　E-mail: tabunka@pref.aichi.lg.jp
https://www.pref.aichi.jp/soshiki/tabunka

Aichi Prefecture
Multicultural simbolo mark

Aichi Tabunka
Kyōsei Net